# Balitang Manmin

BILANG 109 HUNYO 1, 2014

# Dahil sa mga Libro, Brodkast, at Panyong Makapangyarihan – Masagana ang Bunga ng Ministeryo ng Manmin sa Latin America!



Litrato 1, 2: Krusada ng Pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa Honduras, taong 2002, pinagningas nito ang ministeryo sa Latin America. Litrato 3: kasama ang Presidente ng Peru sa palasyo, Litrato 4, 5: Krusada ng Pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa Peru, Litrato 6-10: mga gumaling mula sa mga karamdaman at kahinaan, Litrato 11-13: Abril 2014, Pulong na may Panyong Nagpapagaling ni Rev. Heesun Lee sa Peru at Colombia.

Ang Manmin Central Church ay may 10,000 sangay at katuwang na iglesya sa buong mundo. Aktibo din nitong ginagampanan ang ministeryo sa Latin America sa pamamagitan ng pagbobrodkast at panyong makapangyarihan.

Noong taong 1996, inanyayahan sa Argentina ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa 'Blessing Crusade for Koreans', seminar ito para sa mga pastor doon. At noong taong 1997, bumalik ang Punong Pastor para sa pulong na muling magpapasigla sa mga mamamayan doon at para magdaos ng seminar para sa mga pastor. Noong 2002, nagpunta siya sa Honduras para sa krusada ng pagkakaisa, at noong 2004, nagdaos siya ng krusada sa Peru. Sa mga ginanap na krusada, ipinahayag ni Dr. Lee na ang Diyos ang Manlilikha at si Jesu-Cristo ang ating Tanging Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga tanda, himala, at maraming makapangyarihang pagkilos ng Diyos.

Halimbawa, dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit, maraming nakalaya mula sa mga karamdaman tulad ng AIDS at kanser. Nakakita ang mga bulag. Itinapon ng mga lumpo ang mga saklay nila at ang iba naman ay nakatayo mula sa silyang may gulong, nakalakad sila at nakatalon. Niluwalhati ng lahat ang Diyos.

Magmula noon, palaging nagdadaos ng mga pulong na may panyong nakakapagpagaling sa mga sangay at katuwang na iglesya sa latin America tulad ng Peru at Colombia. At nakilala ng mga tao ang buhay na Diyos dahil sa mga sermon at mga mahimalang gawain ni Dr. Lee na ipinapalabas sa Enlace TV – ang nangungunang istasyon sa mga bansang kastila ang wika, at JBN ng Honduras.

Regular na ipinapalabas ang mga sermon ni Dr. Jaerock Lee. Higit sa lahat, nagustuhan ng mga pastor ang Word of Life ni Dr. Lee na ipinapalabas tuwing Linggo ng umaga. Ang mga manonood ng Enlace na tumanggap ng pagpapala mula sa mga programa ay nagparehistro pa sa Manmin Central Church sa pamamagitan ng internet. Nagsusulong sila ngayon ng masiglang buhay bilang Cristiano.

Ang mga libro ni Dr. Jaerock Lee sa wikang Kastila at Portuguese ay nailathala at naipakalat na ng Nueva Vida sa Estados Unidos, at ng Naos ng Brazil.

Noong Abril 3, 2014, nagdaos ng pulong na may pagpapagaling gamit ang makapangyarihang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12), ang Patnubay na Pastor ng Manmin na si Rev. Heesun Lee. Ginawa ito sa Peru Manmin Church na pinaglilingkuran ni Pastor Lazarus Lee. Pinuno ng maraming tao ang santuwaryo, pati ang labas ng iglesya. Naroon din si Pastor Felipe Juamani, Tagapangulo ng komite ng pagsasaayos ng krusadang may pagpapagaling ni Dr. Jaerock Lee sa Peru noong 2004.

Ipinangaral ni Rev. Heesun Lee ang mensaheng pinamagatang, "True Faith" (Tunay na Pananampalataya), mula sa Mga Hebreo 10:22. Nanalangin at nagsisi nang sabay-sabay ang mga dumalo. Pagkatapos, idinalangin niya ang bawat isang daan-daang maysakit na pumila para tumanggap ng panalangin gamit ang panyong nakakapagpagaling. Ang mga miyembro ng iglesya na naghanda sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno magmula noong nakaraang buwan ay nakatanggap agad ng mga kasagutan. Niluwalhati nila ang Diyos.

Tumayo mula sa silyang may gulong si Kapatid Guillermo Diaz, 20 taon niyang ginamit ito, pero ngayon ay nakapaglakad na siya. Gumaling ang bukol sa obaryo ni Kapatid Fannyt Janet Davila. Gumaling si Kapatid Benjamin Salazar mula sa malabong paningin, alta presyon, diabetes, at sakit sa baga.

Noong Abril 5-6, nangaral din sa pagsamba para sa anibersaryo ng Colombia Manmin Church si Rev. Lee. Pinangunahan din niya ang pulong na may panyong makapangyarihan. Dumalo si Ms. Rosalba Rodriguez de Rincon, Presidente ng Enlace Colombia at ilang mga pastor at mananampalataya mula sa Venezuela. Dahil sa panalanging may panyo ni Rev. Lee, nagamot ang sakit sa mata ni Kapatid Diana Moreno, at gumaling din ang bukol sa obaryo at allergy at impeksyon ng sinus ni Kapatid Marixa Perez. Bukod sa kanila, marami pang ibang pinagpala, niluwalhati nila ang Diyos. Nagdulot ng malaking pag-asa ang mga okasyong ito para sa mas aktibong ministeryo sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu sa Latin America.

## Ang Pagtatapat ng Panginoon

*Ama,*
*Dumaloy na parang ilog ang mga luha Ko,*
*Nabasa nito pati ang puso Ko.*
*Umaasa ako na babasain din*
*ang mga puso nila,*
*Ang lahat ng bagay ay matatapos*
*at magiging ganap.*

*Ama,*
*Huwag Kang malungkot.*
*Iniibig Kita.*

*Hanggang sa huling sandali*
*ng Aking paghinga,*
*Isasaisip ko Ikaw Ama, at ang pag-ibig Mo.*
*Kaya Ama, huwag Kang malungkot.*

*Hindi ako nahirapang*
*Ipasan sa balikat Ko*
*Ang mabigat na krus na ito.*

*Ama,*
*Iniibig Kita.*
*Hanggang sa dumanak ang dugo sa krus*
*At hanggang sa huling hininga...*

*Ama,*
*Nagbalik tanaw Ako sa nakaraan*
*Inisip Ko ang kalooban nila ng paulit-ulit...*

*Ama,*
*Huwag kang malungkot.*
*Nawa'y maluwalhati Ka sa Anak Mong ito,*
*Ang kalooban Mo at ang lahat ng bagay*
*sa plano Mo*
*Ganap itong matutupad magpakailan*
*pa man.*

Ito ang pagtatapat ni Jesus habang nakapasan ang krus sa balikat Niya. Naglalakad Siya patungo sa Golgota at iniisip ang kalooban ng Diyos.

Kopya mula sa libro ni Dr. Lee – *Confession (Pagtatapat)*
Karapatang magpalathala © 2014 Urim BooksUrim Books

《 Ang Diyos ay Pag-ibig 》

# Pag-ibig ang Siyang Katuparan ng Kautusan

"Ang pag-ibig ay hindi gumagawa ng masama sa kanyang kapwa; ang pag-ibig ang siyang katuparan ng kautusan" (Mga Taga-Roma 13:10).

Ang Batas na nakasulat sa Biblia ay ibinigay ng Diyos nang may pagmamahal. Gusto Niyang maging masaya tayo. Kung susundin natin ang kautusan Niya, magiging mga anak tayo ng kaliwanagan, ng katuwiran, at ng kabutihan. Ibig sabihin, matutularan natin ang Diyos na Siyang pag-ibig.

Anong mga bagay ang dapat nating gawin para sumunod kay Jesus na tumupad sa Batas nang may pag-ibig para maranasan nang mas malalim ang perpektong pagmamahal ng Diyos?

### 1. Dapat nating maintindihan ang kaugnayan sa pagitan ng pag-ibig ng Diyos at ng katarungan Niya

Kung matatanto natin ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos, madadama natin kung gaano kalalim ito. At dapat nating maunawaan ang katarungan at pag-ibig Niya dahil Siya ang namamahala sa kalangitan at sa mundo at sa lahat ng bagay na narito ayon sa Kanyang katuwiran.

Magagamit natin ang batas ng katarungan sa tamang paraan kung mauunawaan natin ang kaugnayan sa pagitan ng pag-ibig at katarungan. Makakamit natin ang pag-ibig na lumalampas sa katarungan.

Kasama sa mga batas na nakasulat sa Biblia ang Sampung Utos na ibinigay ng Diyos kay Moises, at marami pang mga utos tulad ng 'gawin, huwag gawin, sundin, at iwaksi'. Sinasakop ng Batas ang lahat ng utos na ito tulad ng 'mahalin ang isa't isa', 'magpasalamat', 'manalangin', 'panatilihing banal ang buong Sabbath', 'iwaksi ang mga kasalanan', at 'huwag mapoot'.

Bakit kailangang sumunod sa Batas ng mga anak ng Diyos? Ito ay sapagkat mayroong espirituwal na batas na itinatag ayon sa katarungan. Buhay ang Diyos kaya niloloob Niyang umani ang isang tao ayon sa itinanim nito, at binabayaran ito ayon sa mga ginawa niya. Ito ang katarungan. Batay sa katarungang ito bilang pamantayan, pinapamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay nang may pag-ibig.

Sa madaling salita, kung nagkasala ang isang tao, wala siyang magagawa kundi tumanggap ng kaparusahan at kamatayan. Gayon pa man, kung magsisisi siya, pwede siyang patawarin. At kung sinusunod niya ang Salita ng Diyos at nabubuhay sa kabutihan, tatanggap siya ng mga kasagutan at mga biyaya. Tatamasa siya ng walang hangggang kaluwalhatian sa Langit.

### 2. Ang pruweba ng pagmamahal sa Diyos ay pagsunod sa mga utos Niya

Mababasa natin sa 1 Juan 5:3, "Sapagkat ito ang pag-ibig sa Diyos, na ating tuparin ang Kanyang mga utos at ang Kanyang mga utos ay hindi pabigat." Binibigyang-diin nito na dapat sundin ng mga anak ng Diyos ang mga utos Niya.

Bakit pruweba ng pag-ibig sa Diyos ang pagsunod sa mga utos Niya? Ipagpalagay nating tinuturuan ng mga magulang ang anak nila na hugasan ng madalas ang mga kamay at paa nila pagkatapos maglaro sa labas; huwag tumawid ng kalye kapag berde ang ilaw ng trapiko, at huwag pumunta sa mga mapanganib na lugar. Hindi ito para paghigpitan o pahirapan sila. Ito ay dahil sa pagmamahal nila sa mga anak para mabuhay sila ng ligtas at may kapayapaan, malayo sa panganib ng mga sakit o aksidente.

Kung batid ng anak ang kalooban ng mga magulang niya susundin niya ang mga itinuturo nila kahit mahirap itong gawin. At palagi nilang susundin ang mga bilin ng mga magulang dahil gusto nilang malugod ang mga ito. Hindi gagawa ng masama ang mga anak na sumusunod at nagmamahal sa mga magulang nila, mas magiging maunlad sila kaysa sa ibang tao.

Ganito rin ang dahilan kung bakit ibinigay sa atin ng Diyos na pinagmumulan ng pag-ibig ang mga mga utos. Madali nating masusunod ang mga ito, kung mauunawaan nating mga nilalang sa wangis Niya na ibinigay Niya ang mga utos na ito para tumanggap tayo ng mga biyaya dahil sa pagsunod. Magkakaroon din tayo ng mapayapa at masayang buhay.

### 3. Mga kasagutan at mga biyaya kapag sinusunod ang mga utos

Magmula noong magkasala ang unang nilalang na si Adan, palaging umaaligid ang kaaway na diyablo at Satanas na parang leon na umuungal, naghahanap ng malalapa. Tinutukso nila ang mga tao sa pagnanasa ng laman, pagnanasa ng mga mata, at pagmamataas sa buhay (1 Juan 2:16).

Kung hindi susundin ng isang tao ang Salita ng Diyos, nagkakasala at hinahanap ang pagnanasa ng mundong ito, darating sa kanila ang mga pagdurusa at kamatayan (Mga Taga-Roma 6:21). Ano ang naghihintay sa mga sumusunod ng mga utos?

Sinasabi ng 1 Juan 3:21-22, "Mga minamahal, kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso, tayo ay may kapanatagan sa harapan ng Diyos; at anumang ating hingin ay tinatanggap natin mula sa Kanya, sapagkat tinutupad natin ang Kanyang mga utos at ginagawa natin ang mga bagay na kalugud-lugod sa Kanyang harapan." Sinabi, ang mga sumusunod ay tatanggap ng mga biyaya at kasagutan sa kahit na anong hilingin nila.

Gustong bigyan ng Diyos ng pag-ibig ng mga

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



Punong Pastor ng Manmin Central Church
Dr. Jaerock Lee

Siya ay lingkod ng Diyos ng pag-ibig at kapangyarihan. Ibinabahagi niya ang buod ng ebanghelyo ayon sa paraan ng Panginoon para pukawin ang puso at isipan ng mga mamamayan ng lahat ng bansa. Ipinapakita niya ang maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu.

Noong taong 1982, nagsimula ang Manmin Central Church na mayroong 9 na miyembrong matatanda at 4 na bata. Dahil sa pagkilos ng Banal na Espiritu naging napakalaki na ng iglesya, mayroon itong mahigit-kumulang 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya sa buong mundo. Tulad ng pangangaral at pagpapatunay ni Jesus ng Salita sa pamamagitan ng mga tanda pagkatapos Niyang magsalita, pinapatunayan din ni Dr. Jaerock Lee na ang Biblia ay totoo sa pagpapakita niya ng kapangyarihan ng Diyos.

Magmula noong taong 2000, nakapagdaos siya ng maraming krusada sa ibang bansa tulad ng Uganda, Japan, Pakistan, Kenya, Pilipinas, Honduras, India, Russia, Germany, Peru, DR Congo, Estados Unidos, at Estonia. Nagpakita siya ng umaapaw na makapangyarihang pagkilos. Sa mga krusadang idinaos, ang ginawa sa Uganda ang ibinalita ng CNN.

Noong taong 2009, nangaral din si Dr. Lee sa krusada ng pagkakaisa sa Jerusalem, Israel. Ipinahayag niya na si Jesus ang Mesyas habang ibinobrodkast sa may 220 mga bansa ang krusada. Tapat siya sa Salita at pananalangin para matupad ang kalooban ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao ng lahat ng bansa sa pagtatapos ng panahon. Gusto niyang maipahayag ang ebanghelyo saan mang sulok ng mundo at tuparin ang misyon ng ministeryo sa North Korea.

www.drlee.or.kr

*Ang Batas na*
*ibinigay ng Diyos*
*Ay parang aklat ng pag-ibig*
*Nakasulat ang paraan*
*Pagpapala sa*
*pinapangalagaan*

*Itinuturo ng Batas*
*Kung paano iwasan*
*ang sakuna*
*Daan patungo sa pagpapala*
*Sa mundong si Satanas*
*ay namamahala*
*Habang pangangalaga*
*ay isinasagawa*

pagpapala ang mga anak Niya, pero kikilos Siya ayon sa katarungan. Kung hindi nila ipapamuhay ang Salita Niya wala Siyang magagawa kundi ibigay sila kay Satanas. Makakaranas sila ng mga pagdurusa at kalungkutan, at mga karamdaman at sakuna.

Ang pagsunod sa Salita ng Diyos ay parang liwanag sa kadiliman. Kung may liwanag, hindi tayo mag-aalala na baka madapa tayo. Kaya kapag kasama natin ang Diyos na Siyang Liwanag, mapoprotektahan tayo mula sa lahat ng bagay. Tatamasahin natin ang kapangyarihan at buhay na walang hanggan bilang mga anak ng Diyos.

### 4. Ang Batas ay aklat ng pag-ibig na nagtuturo sa pinagpalang paraan

Ibinigay sa atin ng Diyos ang Batas dahil minamahal Niya tayo. Gaano kaya ang kaluguran Niya habang iniingatan Niya tayo nang nagniningas Niyang mga mata at sumasagot sa mga kahilingan natin?

Tinatamasa din ng mga anak ng Diyos ang maraming pagpapala para magkaroon ng malinis at mabuting puso, at makamit ang kalooban ng Diyos habang isinasabuhay ang Salita Niya.

Habang tinutupad ng mga tao ang kalooban ng Diyos, mas madadama nila ang pag-ibig ng Diyos at magiging perpektong mga anak sila na hinahangad Niya. Mauunawaan natin ang pag-ibig kung batid natin ang kalooban Niya, at magiging tunay na mga anak Niya tayo na magmamahal sa Kanya at sa lahat ng tao.

Samakatwid, ang Batas na ibinigay ng Diyos ay aklat ng pag-ibig na nagpapakita ng pinakamapagpalang paraan para sa lahat ng pinangangalagaan dito sa mundo. Sinasabi nito kung paano natin maiiwasan ang mga sakuna at kung paano tatanggap ng mga biyaya habang nabubuhay tayo dito sa mundo na pinamumunuan na ngayon ni Satanas habang sumasailalim tayo sa panahon ng pangangalaga. Ibinigay sa atin ng Diyos ang mga utos hindi dahil gusto Niya tayong mapunta sa Impiyerno kundi gusto Niyang makapasok ang lahat ng tao sa Langit dahil sa pagsunod sa Batas.

### 5. Pinatawad ni Jesus ang babaing nakikiapid at tinupad ang Batas nang may pag-ibig

Tinupad ni Jesus ang Batas sa krus nang may pag-ibig. Kahit sinunod ni Jesus mismo ang lahat ng mga utos, hindi Niya hinatulan ang ibang taong hindi sumunod, ni hindi Niya sinabing, "Nilabag ninyo ang Batas, kaya dapat kayong mamatay."

Itinuro lang Niya ang katotohanan araw at gabi upang makapagsisi at maligtas kahit isa pang kaluluwa. Hindi Siya huminto sa pagtulong para makalaya ang mga tao na nakagapos sa mga karamdaman at kahinaan, at sa pagpapagaling ng mga sinasapian ng demonyo.

Ang pag-ibig ni Jesus ay malinaw na nakita sa isang insidente kung saan may isang babaing nahuling nangangalunya. Dinala ito sa harapan ni Jesus (Juan 8).

Isang araw, dinala ng mga eskriba at Fariseo ang isang babaing nahuling nangangalunya at sinabi nila kay Jesus, "Sa kautusan ay ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan. Ano ngayon ang iyong masasabi tungkol sa kanya?" Kung sinabi ni Jesus, "Batuhin siya", lalantad ang kasalanan niya at mamamatay siya sa pamamagitan ng pagbato.

Yumuko si Jesus at isinulat ang kanilang mga kasalanan sa lupa. Sinabi Niya, "Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya." Sa pamamagitan nito, itinuro Niya na lahat sila ay nagkasala kaya hindi nila pwedeng hatulan ang isa't isa. Napahiya sila kaya isa-isa silang umalis. Hanggang si Jesus at ang babae na lang ang natira.

Sinabi ni Jesus sa babae, "Hindi rin kita hahatulan. Humayo ka, at mula ngayo'y huwag ka nang magkasala." Kamangha-mangha ang pag-ibig Niya! Batid kaya ng babae na babatuhin siya hanggang mamatay kung mangangalunya siya? Oo, batid niya.

Kahit naririnig at natututuhan ng mga tao ang batas at kinakatakutan ang kaparusahan, magkakasala sila kung hindi nila mapipigil ang pagnanasa ng laman. Sa nangyari sa babaing ito, naihayag ang kasalanan niya at siya ay nasaktan at natakot. Pero, hindi inaasahan, pinatawad siya ni Jesus. Marahil ay umiyak siya at nagdesisyong hindi na muling magkasala pa! Kung aalalahanin niya ang pag-ibig ni Jesus, hindi niya lalabagin ang Batas at muling magkakasala. Ito ang pagmamahal ni Jesus na tumutupad sa Batas nang may pag-ibig.

### 6. Kung mababatid natin ang pag-ibig na ipinakita sa krus, kikilos tayo ayon sa Batas para tularan si Jesus

Hiunagupit ang buong katawan ng walang kasalanan at walang bahid na si Jesus para sa mga makasalanan, at ipinutong sa Kanya ang koronang tinik. Ipinako ang mga paa at kamay Niya at dumanak ang lahat ng tubig at dugo sa katawan Niya. Sa huli, ibinigay Niya ang buhay Niya para sa atin. Ang pinakadakilang pag-ibig sa kasaysayan ng sangkatauhan ay ipinakita sa pagpako kay Jesus sa krus.

Tumanggap tayo ng kamangha-manghang pag-ibig. Tatanggapin natin ang kalakasan para isabuhay ng walang mali ang Batas kung mababatid natin ang pag-ibig na ito. Kung mahigpit na hinatulan at tinalikuran ni Jesus ang lahat ng bagay ayon sa Batas pero walang pag-ibig, sino ang maliligtas sa mundo?

Ang pinakamahalagang espiritu ng Batas ay mahalin ang Diyos Ama at tularan ang kalooban Niya. Gayon pa man, ang mga guro ng Batas noong panahon ni Jesus ay hindi interesadong pabanalin ang mga puso nila, mas mahalaga sa kanila ang panlabas na pagpapakita ng pagsunod sa Batas at akala nila sinusunod nila ito. Kaya hinuhusgahan at hinahatulan nila ang mga taong hindi sumusunod sa ginagawa nila. Hinatulan nila si Jesus na nagturo tungkol sa kalooban ng Diyos Ama na nakapaloob sa Batas.

Ang gusto ng Diyos ay hindi lang ang pagsunod sa Batas, dapat may habag at pag-ibig din. Hindi dapat hatulan ang ibang tao. Ayaw din Niyang mahirapan ang minamahal Niyang mga anak sa pagsunod sa Batas, gusto Niyang madama nila ang pag-ibig Niya.

Dahil walang pagmamahal ang mga Fariseo, kahit mahigpit ang pagpapakita nilang pagsunod sa Batas, wala itong naitutulong sa mga espiritu nila. Hinusgahan at hinatulan nila ang mga kapatid sa pananampalataya sa pamamagitan ng kaalaman nila tungkol sa Batas. Naging dahilan din ito ng paglayo nila sa Diyos. Naging makasalanan sila at ipinako nila ang Anak ng Diyos.

Samakatwid, dapat pangalagaan ng mga anak ng Diyos ang mga puso nila para maging espirituwal sa pamamagitan ng pagwaksi ng mga kasalanan at kasamaan. Baguhin nila ang mga puso nila para maging dalisay at matatag. Kung gagawin nila ito, magiging espirituwal ang pagmamahal nila sa Diyos. Kung mababatid nila ang pag-ibig sa krus, magagawa nilang mahalin ang Diyos at ang ibang tao tulad ng pagmamahal nila sa sarili nila.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, nakikiusap ako sa inyong tularan ninyo si Jesus na tumupad ng Batas nang may pag-ibig at mas masigasig ninyong mahalin ang Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sundin nawa ninyo ang lahat ng mga utos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pag-ibig. Tanggapin nawa ninyo ang mga kasagutan at mga biyaya ng Diyos, at alalahanin na Siya ang makakapagbigay sa atin ng lahat ng ating hinihiling. Luwalhatiin natin ang Diyos!

# “Dahil pinagpala ako ng masaganang kaluluwa, lahat ng bagay ay mabuti!”

Magmula noong maliit na bata pa ako, nagsisimba na ako, pero hindi ako nakakita ng mga tanda at himala tulad ng nakasulat sa Biblia. Dumadalo lang ako sa pagsamba tuwing Linggo ng umaga at nasisiyahan sa paglalaro ng table tennis, billard, baduk, at go-stop (tradisyunal na laro sa Korea gamit ang baraha). Akala ko ligtas na ako.

Samantala, noong Mayo 1997, nabalitaan ko na ang asawa ng pinsan kong si Elder Hongki Park na pitong taong nagdusa sa bagong nadiskubreng sakit na ‘pollution disease’ ay gumaling. Ito ay dahil dinaluhan niya ang dalawang-linggong magkasunod na espesyal na pulong para sa muling pagsigla ng Manmin Central Church. Ipinanalangin din siya ni Dr. Jaerock Lee.

Noong taong 2002, nakatiyak akong totoong may buhay na Diyos. Ako at ang pamilya ko ay nagsimulang magsulong ng buhay bilang mga Cristiano sa Manmin Central Church. Noong panahong iyon, binagabag ng sakit ang nanay ko dahil napinsala ang buto niya sa likod. Ganito ang kalagayan niya sa loob ng 10 taon. Tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee. Pagkalipas ng 15 minuto, gumalaw ang nakausling buto sa likod niya at naging normal...nawala na ang pananakit!

Lubos ang pagpapasalamat ko sa pagpapala ng Diyos na nagpagaling sa nanay ko. Tinalikuran ko na ang pagsasaya ko sa makamundong aliwan at nagsimulang maghandog ng lahat ng klaseng pagsamba. Naging tapat ako sa pananalangin. Hinangad kong makinig sa Salita ng Diyos at dumalo ako sa mga lugar ng pagpapala. Nagsikap akong tuparin ang mga tungkulin na ibinigay ng Diyos.



Elder Pyeongseo Ku

(59 taong gulang, Representative Tax Accountant ng Kyungin Tax Corporation), kasama ang asawa niyang si Punong Diakonesa Hyunsuk Lee

Pagkatapos, natanto ko sa pagbabasa ng Salita ng Diyos na nahihirapan ang pamilya ko dahil sa masamang ugali ko, masyado akong mahigpit. Gusto kong ako palagi ang sinusunod ng asawa ko at nagagalit ako kapag hindi nakikinig sa akin ang mga anak ko. Pero pinapahalagahan ni Dr. Jaerock Lee pati ang maliliit na bata, mahalaga sa kanya ang mga miyembro ng iglesya, higit pa sa sarili niyang buhay. Idinadalangin din niya ang mga maysakit nang buong kalakasan niya.

Nagpasya akong sumunod sa halimbawa ni Dr. Lee at magbago. Magmula noon, pinagsilbihan ko ang asawa at mga anak ko. Hindi na ako naging makasarili. Kahit noong tinatamad manalangin ang mga anak ko at maligamgam ang pananampalataya, hindi ko sila pinilit, tinulungan ko lang sila sa pananalangin. Sa Incheon kami nakatira, kaya kapag nahihirapan silang makipanalangin sa iglesya sa Seoul, sinasabayan ko sila sa pananalangin sa pulong panalanging Daniel sa lokal na santuwaryo malapit sa bahay namin o kaya sa GCN TV. Nanampalataya ako na magbabago din sila at magkakaroon ng mainit na buhay bilang mga Cristiano sa tamang panahon.

Noong taong 2010, nasiyahan ako sa pagbabasa ng Biblia at pakikinig ng mga sermon ni Dr. Jaerock Lee tulad ng Love Chapter, Beatitudes, at Nine Fruits of the Holy Spirit. Marami akong natutuhan mula sa mga mensahe, maalab akong nanalangin. Nagsikap din ang asawa at mga anak kong magbago ayon sa Salita ng Diyos at pananalangin. Sa wakas, sumabay ang buong pamilya ko sa takbuhan ng pananampalataya para makamit ang pusong espirituwal, at higit pa riyan, para sumulong patungo sa Bagong Jerusalem sa Langit.

Ang anak kong babae na si Pastor Heesun Ku, ay naglilingkod sa mga miyembro bilang ika-21 Parish Pastor. Ang anak kong lalaki, si Kapatid na Kyunghwae Ku, ay kabilang sa Harmony Team. Ang asawa kong si Punong Diakonesang Hyunsuk Lee, ay naglilingkod bilang lider ng grupo ng mga tapat na tagapanalangin. At ako naman ay bise presidente ng ikalawang samahan ng mga elder at samahan ng mga lider para sa kalalakihan. Minamahal ko ang mga tungkulin na ibinigay ng Diyos sa akin, inuuna ko ang mga gawain ng Diyos. Dahil dito pinagpapala Niya ang negosyo ko at kinikilala ako sa lipunan.

Noong Enero 2003, nagbukas ako ng opisina para sa ‘tax accounting’ o pagbibigay sulit ng buwis. Magmula noon, sa loob ng 11 taon, nagpatuloy sa paglaki ang kinikita ko. Kinikilala ako bilang masipag na tao, may kakayahan, at patas sa pamamalakad. Bilang pagkilala sa naitulong ko sa pangangasiwa ng buwis ng bansa, ginawaran ako ng mga parangal tulad ng Award of Ministry of Strategy and Finance at Award of Prime Minister. Niluwalhati ang Diyos dahil sa mga parangal na ito.

Naglilingkod ako ngayon bilang presidente ng Northern Incheon Tax Accountants’ Association, at miyembro ng Fair Tax Committee ng hilagang bahagi ng Incheon. Nagtuturo din ako sa samahan ng mga ahente ng mga lupa at gusali (realtor). Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagpapala sa kaluluwa ko para maging masagana, at nagkaroon ako ng pagkakataon para magbigay ng patotoo.

Isang sulat mula sa ibang bansa

## “Nalulugod ako, normal na ang paglakad ko!”



Kapatid na Angelica Osorio,
16 taong gulang, Colombia Manmin Church

Ipinanganak akong may ‘absent radii syndrome’. Noong isang taong gulang pa lang ako, inoperahan ako para tanggalin ang buto ko sa hita at isa pang operasyon para sukatan ng pampalit dito. Naka-cast ang mga binti ko hanggang umabot ako ng 10 taong gulang. Hindi ako pumasok sa eskwelahan, nanatili lang ako sa bahay, nakahiga sa kama.

Isang araw, nabalitaan ng nanay ko ang tungkol sa makapangyarihang gawain ni Dr. Jaerock Lee dahil sa Enlace TV. Sinabi niya sa akin na gagaling ako kung may pananampalataya ako. Noong una, ayaw kong maniwala, pero pagkatapos magrehistro ng pamilya ko sa Colombia Manmin Church, nagbago ang buong pamilya ko.

Pinalakas ng mga ‘librong-patotoo’ ni Dr. Jaerock Lee ang loob ko. Nagkaroon ako ng malaking kasiyahan at pag-asa dahil siya din ay nagdusa mula sa mga karamdaman at mas malaking pasakit kaysa sa akin, pero pinagaling siya mula sa lahat ng ito ng Diyos. Nagkaroon ako ng katiyakan na gagaling din ako, nagsimula akong manalangin.

Noong Abril 5-6, 2014, idinaos ng Colombia Manmin Church ang ika-2 anibersaryong pagsamba. Pinaglilingkuran ito ni Pastor Jungyeon Jang. Dumalo roon si Rev. Heesun Lee, ang patnubay na pastor ng Manmin sa buong mundo. Nagpunta ako sa pulong na may panyong nagpapagaling at nakinig a mensahe niya. Pinagsisihan ko na wala akong tunay na pagtitiwala sa Diyos at may galit ako sa ibang tao. Tinanggap ko ang panalangin na may panyo ng kapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pagkatapos, naging tuwid ang gulugod ko, wala na akong sakit na naramdaman. Hallelujah!

Naging tuwid ang baluktot kong buto sa gulugod at mga binti kaya hindi na ako papilay-pilay, normal na ang paglakad ko. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling sa akin at sumagot sa panalangin ko.

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714